Panalangin sa Mahal na Birhen ng Kombermeyr

O Maria, marubdob ang hangarin mong makitang si Hesus ay minamahal. Yamang ako'y iyong sinta, iniluluhog ko sa iyo itong kahilingan ko: Makamtan ko nawâ ang isang dakila at taos-pusong pag-ibig kay Kristo Hesus. Ang lahat ng naisin mo'y ipinagkakaloob sa iyo ng iyong Anak; kayâ idalangin mo sana na kailanma'y di mawaglit sa akin ang biyaya ng Diyos, bagkus nawa'y araw-araw ay lumagô ako sa kabanalan at kaganapan, nawa'y matupad ko ng buong katapatan at kagitingan ang dakilang pagtawag sa buhay na kaloob sa akin ng Anak mong Diyos. Alang-alang sa hapis na natamo mo sa Kalbaryo habang minamasdan mo si Hesus na mamatay sa Krus, pagkalooban mo ako ng isang banal na kamatayan, upang sa pagmamahal kay Hesus at sa iyo, aking Ina, habang nasa luba, ay makabahagi ako sa iyong kaligayahan sa pagmamahal at pagpupuri sa Ama, Anak at Espiritu Santo, sa langit, magpasawalang hanggan. Amen.

O Mahal na Birhen ng Kombermeyr,
ipanalangin mo kami.

Imprimatur: ✝ J.R Windle, Bishop of Pembroke